




Comparative Analysis of the Aesthetic Experience Offered by Korean Novels and Filipino Novels According to Filipino Viewers

Komparatibong Analisis sa Estetikong Danas na Hatid ng Koreanobela at Filipinobela Ayon sa mga Pilipinong Manonood

Christine S. Morit 
De La Salle University - Manila
christine_s_morit@dlsu.edu.ph

DOI: <https://doi.org/10.70922/r3ms0b95>

Copy Editor: GERLIE OGATIS

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

Announcements

[Other PUP Journals](#) 

Other citation formats:

Article History:

Received: June 7, 2025

Accepted : October 23, 2025

Revised: November 11, 2025


How to Cite this paper:

Morit, Christine S. "Komparatibong Analisis sa Estetikong Danas na Hatid ng Koreanobela at Filipinobela Ayon sa mga Pilipinong Manonood." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 77–104. <https://doi.org/10.70922/r3ms0b95>.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Comparative Analysis of the Aesthetic Experience Offered by Koreanobelas and Filipinobelas According to Filipino Viewers

Komparatibong Analisis sa Estetikong Danas na Hatid ng Koreanobela at Filipinobela Ayon sa mga Pilipinong Manonood

Christine S. Morit 
De La Salle University - Manila
christine_s_morit@dlsu.edu.ph

Abstract

The paper highlights a thorough discussion of the vast influence and prominence of Korean dramas (Koreanobela) in the Philippines, which has become a central focus among critics in the discourse of film and television. Their rise in popularity has fostered an appreciation for both local and foreign spaces that continue to shape and influence Filipino culture. Although the importation of films from Latin American countries—an influence rooted in Spanish colonization—is not new in the Philippines, the unparalleled appeal of Korean dramas in capturing the attention of Filipino audiences cannot be denied. To identify the reasons behind this fascination, the researcher compared the aesthetic qualities of Koreanobela and Filipinobela. The study aimed to examine their similarities and differences in the context of film using Patrick D. Flores' six elements of cinema: film, screenplay, cinematography and visual design, editing, sound, and performance. These elements bring beauty, vibrancy, and appeal to the viewers. The study employed the Focus Group Discussion method with six (6) participants who have been long-time viewers and avid fans of Korean dramas for over a decade. Findings revealed the deep-seated reasons for the continuous presence and dominance of Koreanobela in the Philippines, categorized as follows: (1) realistic narrative and setting, (2) artistry in scriptwriting, (3) technical and visual design, (4) engaging cliffhangers, (5) use of original soundtracks (OST), and (6) artistry in characterization. This paper seeks to contribute to the field of film and television by broadening the understanding of viewing as a cultural experience.

Keywords: *Flores' film elements, aesthetic experience, Filipinobela, Hallyu, Koreanobela*

Abstrak

Tampok sa papel ang masusing pagtalakay sa malaking espasyo ng Koreanobela sa Pilipinas na siyang tuon ng maraming kritiko sa usapin ng pelikula at/o palabas. Ang kanilang pagsikat ay nakalilikha ng pagpapahalaga sa pagtanaw ng lokal at dayuhang espasyo na patuloy na bumabahid sa kulturang Pilipino. Bagaman hindi na bago sa Pilipinas ang pag-aangkat ng mga pelikula mula sa mga bansang Latino-Amerika—impluwensyang nag-ugat sa pananakop ng mga Kastila—hindi maitatangi ang kakaibang lakas ng Koreanobela sa pagkuha ng atensyon ng mga Pilipino. Upang matukoy ang dahilan ng pagkahumaling, pinaghambing ng mananaliksik ang estetikong taglay ng Koreanobela at Filipinobela. Layunin nitong masuri at makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa sa usapin ng pelikula gamit ang anim na elemento ng sine ni Patrick D. Flores; pelikula, dulang pampelikula, sinematograpiya at disenyong biswal, editing, tunog, at pagganap. Ang mga elementong ito ang nagbibigay ganda, tingkad, at hikayat sa mga manonood. Ginamit ang metodong *Focus Group Discussion* sa anim (6) na kalahok na may lagpas isang dekada na ang panonood at pagiging panatiko ng Koreanobela. Sa huli, natukoy sa pag-aaral ang malalim na dahilan ng patuloy na presensya ng Koreanobela sa Pilipinas na naikategorya ito sa mga sumusunod; 1) Makatotohanang Naratibo at Lokasyon, 2) Sining ng Pagkakasulat, 3) Kagamitang Teknikal at Biswal, 4) Kapana-panabik na *Cliffhanger*, 5) Paggamit ng *Original SoundTrack*, at 6) Sining ng Karakterisasyon. Mahalagang makapag-ambag ang papel na ito sa larangan ng pelikula at teleserye sa pagpapalawak ng pag-unawa sa panonood bilang kultural na karanasan.

Mga Susing Salita: *Elementong pelikula ni Flores, estetikong danas, Filipinobela, Hallyu, Koreanobela*

INTRODUKSYON

Mabilis na umangat ang kasikatan ng Koreanobela sa Asya, lalo na sa Timog-Silangan. Ang atraksyon ng *Hallyu—Korean Cultural Wave* o para sa mga kabataan ay *Korean Fever*—ay umabot sa Pilipinas. *Hallyu* ang tawag sa likhang-salita ng isang mamamahayag sa China na nagulat sa pagtaas ng popularidad ng kulturang Korea sa Mainland China, Taiwan, Vietnam, Hong Kong hanggang sa narating na nito ang Japan at ilang bansa sa Timog-Silangang Asya.¹ Kasangkapan ang teknolohiya, umabot ang kanilang popularidad sa Pilipinas na sadyang tumabo sa atensyon mula sa mga Pilipinong manonood.

1 Kim Byeongcheol, "Production and Consumption of Contemporary Korean Cinema", *Korea Journal* (2006): 8.

Ang kanilang pagsikat sa iba't ibang larangan tulad ng *Korean Cuisine, Music Industry, Fashion Industry* at maging sa pampanitikang pelikula ay may malakas na hatak sa kulturang popular sapagkat hinihikayat nito ang mga konsumer na patuloy na kumunsumo. Hanggang sa ang heograpikal na paglawak ng *Hallyu* ay indikasyong may natatanging taglay ang Koreanobela upang lalong tangkilikin ng mga manonood. Lagpas sa husay sa pag-arte o ganda ng kanilang drama ang naitatawid. Naitatanghal din nila ang sariling kultura, estado sa buhay, mga lugar sa nagbabagong mundo na siyang humuhulma ng kanilang pagkakakilanlan. Ang ganitong katangian ay malinaw na mahalagang punto upang silang ay makaangkin ng espasyo.

Sa penomenong ito, masasabing malakas ang dominasyon ng Timog-Korea sa bansa. Hindi maitatangging posible itong makapagdulot ng panganib sa sariling industriya ng pelikula at/o teleserye ng Pilipinas. Katunayan, nagparamdam na ang panganib noong 2016 nang ipinalabas sa 80 sinehan sa Pilipinas ang *Train to Busan*. Kumita ito ng mahigit P290 milyon kasabay ng lokal na pelikulang *Camp Sawi* na hindi man lang umabot sa kalahati ng kinita ng *Korean film*. Katunayan, ito ang kauna-unahang *Non-English Film* na may pinakamalaking kita, mas mataas kumpara sa Rurouni Kenshin: Kyoto Inferno (2014) ng Japan na may buong kitang P87.5 milyon lamang.² Dahil sa lantad na ang lumalaking espasyo ng Koreanobela hindi lamang sa telebisyon ng Pilipino ngunit maging sa *social media*—kung saan napabibilis ang pag-access sa mga banyangang pelikula at/o teleserye—layunin ng papel ang pagtukoy sa mga dahilan ng pagkahumaling ng mga Pilipino sa Koreanobela. Ano ba ang mayroon sa Koreanobela na wala sa Filipinobela? Ito ang pangunahing tutugunan sa papel—ang alamin kung bakit mabilis nitong nabawi ang manonood mula sa mga kapwa banyaga ring *Hollywood* at *Latin-American* telenovela. Bukod sa tanong na ito, layunin ding mailahad kung sa papaanong paraan nila napanatili ang kanilang kasikatan.

Sa tagal ng pananahan ng Koreanobela sa Pilipinas, impluwensyal at naging dominante ito. Hindi na lang adaptasyon ng Koreanobela na *tagalized*, nagbunsod pa sa pagbuo ng mga Filipinobela alinsunod sa banghay ng Koreanobela. Patunay ang mga teleseryeng *Princess and I* (Lumibao, Pasion, 2012), *A Beautiful Affair* (Flores at Pobocan, 2012), at *Kailangan Ko'y Ikaw* (Bernal at Villarin, 2013). Makikita sa tatlong teleserye ang epektong *Hallyu* dahil sa daloy ng mga kwento nito na hawig sa mga naunang Koreanobela. Bagaman

2 Pelikula Mania, "Train to Busan Now the Non-English Foreign Film in the Philippines," accessed October 15, 2016. <https://pelikulamania.com/2016/09/23/train-to-busan-now-the-highest-grossing-non-english-foreign-film-in-the-philippines/>. *Tunay na kapansin-kapansin ang pangyayaring ito at itinuturing na tagumpay ng Korean Wave dahil sa matagal na pangigingibaw ng mga pelikulang Hollywood sa sinemang Pilipino.*

nangibabaw ang estetikong *Hallyu*, tinitingnan ito ni Sanchez bilang pagkakatatagan sa telebisyonang Pilipino.³

Globalisasyon ang nagtutulak sa mga bansa para maging interkonektado gamit ang kultura, ekonomiya, teknolohiya, at komunikasyon.⁴ Bahagi ng globalisasyon ang pagkilos na ito ng Timog-Korea. Subalit tulad ng sinabi ni Correa, nakatago sa likod ng konseptong globalisasyon ang ideya ng pananakop⁵. Sa papel nina Chang at Lee, siniyasat nila ang 150 bansa na nagpapalabas ng Koreanobela. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang labis na *exposure* ng banyagang manonood ay nakapagpapataas ng kanilang consumer preference sa mga produktong Koreano.⁶

Sa papel ni Lee, natuklasang nagtataglay ng *hybridity* ang Koreanobela. Bagaman may mga temang “*Cinderella stories*,” pinapahalagahan pa rin ng mga manonood ang inobatibong paggamit ng naratibo nito. Masasabing may romantikong estilo gaya sa Kanluraning palabas ngunit nananatili pa rin ang tradisyunal na kahinhinan ng mga taga-Silangan.⁷

Samantala, ayon kay Gongora, may positibong tugon ang mga manonood—lalo na ang kababaihan—sa Koreanobela, sapagkat nakikita nila ang magandang representasyon ng mga babaeng karakter. Ipinapakita ng mga pangyayaring ito ang sitwasyong hinahangad din ng mga kababaihang manonood na maranasan sa tunay na buhay.⁸ Nakadagdag sa pagiging kaakit-

3 Louie Jon A. Sanchez, “Koreanovela, Teleseryes, and the “Diasporization” of the Filipino/the Philippines,” *Plaridel*, vol. 11 no. 1, (2014): 66-85. *Sa kontekstong ito, tumutukoy ang konsepto ng diasporization sa pagkakatatagan ng kultura at pagkakakilanlan sa labas ng sariling bansa.*

4 G. D. Stasberger, “Media Globalization: Connecting the World through Information and Culture,” *Global Media Journal* 21 (2023): 64, <https://www.globalmediajournal.com/open-access/media-globalization-connecting-the-world-through-information-and-culture.pdf>

5 Ramilito B. Correa, “Japanimation, Americanization, Globalization: Pagbuwag sa Wika ng Kapangyarihan sa Pamamagitan ng Dubbing ng Anime sa Wikang Filipino,” *Malay* 20, no. 1 (2007)

6 Pao-Li Chang and Iona Hyojung Lee, *Cultural Preferences in International Trade: Evidence from the Globalization of Korean Pop Culture* (2017), 1–53, https://ink.library.smu.edu.sg/soe_research/2142

7 Hyunji Lee, “A ‘Real’ Fantasy: Hybridity, Korean Drama, and Pop Cosmopolitans,” *Media, Culture & Society* 40, no. 3 (2018): 365–380, <https://doi.org/10.1177/0163443717718926>

8 Marian F. Gongora, “The Distancing of Filipino Korean Language Students in Watching Korean Telenovelas.” *East Asian Popular Culture Philippine Perspectives*, ed. Michiyo Yoneno-Reyes (Quezon City: Asian Center, UP-Diliman, 2013), 106. *Samakatuwid binibigyang-diin sap ag-aaral na ito ang pagkakaiba sa pagtanggap ng kultura.*

akit ng Koreanobela ang mga lokasyong pinaggaganapan ng mga eksena. Kahit papaano, nabibigyan nito ng pagkakataon ang mga manonood na matunghayan ang kagandahan ng Timog-Korea kahit sa telebisyon lamang.⁹

Sa ganitong diskurso, masasabing mabisang produkto ang drama upang pasiglahin ang kanilang turismo. Ang epektibong representasyon ay nagbunga ng paglakas ng industriya ng kanilang turismo sapagkat ayon sa ulat ng *Korea Tourism Organization*, mahigit 14.5 milyong turista o may katumbas na 33% sa taunang rekord ang itinaas nito mula Enero-Oktubre ng taong 2016.¹⁰ Hindi na lang drama ang bentahe sa merkado, kasama na rin ang kanilang mga lokal na pagkain. Sa papel ni Yim, matapos ang sarbey sa 300 na mga Pilipino, natuklasan na may positibong relasyon ang *Korean Wave* sa *K-Food image*. Pinalalakas ng presensya ng mga Korean celebrities ang kagustuhan ng mga banyaga na subukan at tangkilikin ang mga pagkaing Koreano.¹¹

Sa laki ng impluwensyang ito ng Koreanobela sa pagkain, turismo, at kultura, dapat lang suriin ang penomenong ito sa higit na masusing paraan. Bagaman may mga lokal at banyagang pag-aaral na tungkol sa *Korean Wave/Hallyu*, *K-drama*, at persepsyon sa panonood ng mga Pilipino (hal., Igno at Cenidoza 2016; Galit at Pangilinan 2021), umaabot lang ang pagsusuri ng mga ito sa pagtanggap ng mga Pilipino sa kulturang Koreano¹² at sa kultural na salik kung bakit kinahuhumalingan ang Koreanobela.¹³ Samantala, ang papel nina

9 Myrtle Anne Zabala, "Film It and They Will Come: Drama-Induced Tourism in South Korea." *East Asian Popular Culture Philippine Perspectives*, ed. Michiyo Yoneno-Reyes (Quezon City. Asian Center, UP-Diliman, 2013), 89-104. *Pinakita sa pag-aaral na malaki ang potensyal ng mga drama para sa promosyon ng Turismo ng bansang pinagmulan nito.*

10 *The Korea Times*, "Number of Foreign Tourists Hits Record 14.5 Million," accessed October 8, 2016. https://www.koreatimes.co.kr/www/nation/2024/09/113_218625.html

11 Duk-Soon Yim, "The Impact of Korean Wave Image and K-Food Image on Intention to Purchase Korean Agricultural Products," *International Journal of Agricultural Extension and Rural Development* 31, no. 2 (2023): 45–58, <https://intagrijournal.org/journal/article.php?code=88430>

12 Igno, Jay-Ar M., at Marie Cielo E. Cenidoza. 2016. "Beyond the 'Fad': Understanding Hallyu in the Philippines." *International Journal of Social Science and Humanity* 6 (9): 723-727.

13 Galit, Gilbert C., at Edrian A. Pangilinan. 2021. "[Hallyu] The Korean Wave: Pagsusuri sa mga Salik Kultural sa Pagkahumaling ng mga Pilipino sa Kdrama." *International Journal of Arts and Social Science* 4 (5).

Aberin *et.al* (2021), ay nakasentro sa ‘*Filipino Remakes*’ ng mga Koreanobela—tinalakay ang proseso ng adaptasyon ngunit hindi ang estetikong elemento.¹⁴

Sa kasalukuyang *indexing*, wala pa ring lokal na pag-aaral ang sistematikong tumalakay sa teknikal at estetiko ng Koreanobela—partikular sa paggamit ng anim na elemento ni Patrick D. Flores.

Mahalagang makapag-ambag ang pag-aaral na ito sa diskusyon hinggil sa nabanggit na penomenon upang matukoy ang mga dahilan ng pag-angkin ng Koreanobela sa espasyong dapat ay sa Filipinobela. Bibigyang-tuon ang estetiko ng pelikula at/o palabas mula sa dalawang bansa na magiging limitasyon ng pag-aaral. Minabuti ring gamitin ang salitang Filipinobela upang umakma sa Koreanobela. Sa pagiging sitematiko naman at matatag ng pagsusuri, ginamit ang anim na elemento ng pelikula ni Patrick D. Flores—*pelikula, dulang pampelikula, sinematograpiya at disenyong biswal, editing, tunog at pagganap*.

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral, ginamit ang *Focus Group Discussion (FGD)* sa halip na interbyu. Mabisa ang metodong ito para sa paksang nangangailangan ng kolektibong opinyon. Sa pagpapalalim ng diskurso, pinili ng mananaliksik ang anim na panatiko bilang bahagi ng FGD. Binubuo sila ng apat na babae at dalawang lalaki na ang edad ay nasa 20, 25, 28, 36, 38 65. Lahat sila ay mga guro na nagtuturo sa pribado at pampulikong paaralan. Batay sa *FGD*, lagpas dekada na ang kanilang pagiging panatiko kaya naman ang pagkababad nila sa Koreanobela at matagal nilang karanasan sa panonood ay makapagbibigay ng malalim at kritikal na pagsusuri sa estetiko at teknikal na katangian nito.

Anim na Elemento ng Sine ni Flores

Katulad ng ibang likhang-sining, ang teleserye ay dumadaan sa isang prosesong umaangkin ng mahabang panahon sa pagsasagawa upang makapagbigay ng kaaya-ayang naratibo sa mga manonood. Mahalaga ang teleserye para sa mga Pilipino dahil bahagi na ito ng pamumuhay. Hindi lamang ito instrumento ng pampalipas oras o saglit na paglimot sa kaingayan ng lipunan, kundi panonood sa kwento ng buhay ng mga totoong tao. Bagaman piksyunal ang klasipikasyon nito, hindi maitatangging ang paksang pinairal ay nagmula sa iba’t ibang danas ng lipunan. Sabi nga ni Rodriguez, hindi hiwalay sa tunay na pakikipagtunggali ng tao sa iba’t ibang pwersang kanyang kinakaharap

14 Aberin, Janine, Patricia Luisa Dealca, Benjamin George Meamo III, Ellainemor San Pascual, and Tamara Jane Ventanilla. 2021. “Glocalization of Popular Culture in Selected Filipino Remakes of ‘Koreanovelas.’” *Southeast Asian Media Studies Journal* 3, no. 3: 77-104.

ang pantasyang pinapanood. Ngunit, karugtong din nito sa pagpapahiwatig ng isang estado kung saan ay repleksyon ng lipunan na kanyang ginagalawan at makasunod sa dikta ng kulturang popular.¹⁵

Sa pananaliksik na ito, isinagawa ang analitikong paglalapat ng anim na elemento ng sine ni Patrick D. Flores—*pelikula, dulang pampelikula, sinematograpiya at disenyong biswal, editing, tunog, at pagganap*¹⁶—bilang balangkas ng pagsusuri sa paghahambing ng Koreanobela at Filipinobela. Ang konseptwal at analitikong balangkas na ito ay nakatutok sa teknikal at estetikong aspekto ng isang pelikula o teleserye kaya't nagbibigay ito ng sistematikong lente sa pagsusuri ng kabuuang produksyon. Bawat elemento ay ginamit na batayan sa pagsusuri mula sa mga datos ng FGD.

A. Pelikula

May mahalagang ginagampanan ang pelikula sa pagtupad ng mga kwentong nangyayari sa tunay na buhay sa pamamagitan ng pag-aangkop ng elemento nito - ilaw, tunog/musika, galaw ng kamera. Nakatuon ito hindi lamang sa inobasyon ng teknolohiya kundi sa mismong pagdirihe at bisyon na nagbibigay ng sensitibo at matalas na atensiyon kapuwa sa wika ng pelikula (“presentasyon”) at panlipunang realidad (“representasyon”) upang sa proseso nito’y mabigyan ng bagong ayos ang mga posibilidad ng pelikula (TV Series) bilang isang progresibong sining at kulturang popular.¹⁷

Bukod pa rito, ang pelikula ay isang palabas na binubuo ng serye ng mga imahen na nahahawig sa realidad ng lipunan. Nagiging matagumpay lamang ang pelikula kung ang itinatampok nitong palabas ay lapit sa danas ng manonood. Ngunit ang pagdedesisyon ng magiging takbo/direksyon ng pelikula ay nakasalalay sa mismong kumukontrol nito, ang direktor. Katunayan hindi ito nakakulong sa “sining” lamang, gaya ng sinabi ni Arnheim, kasangkapan ang pelikula sa pagreprodyus ng realidad, na magiging ganap lamang kung sa pagsusuri ay nakabatay sa kaukulang katangian ng kung ang nakikitang katotohana.¹⁸

15 Rommel B. Rodriguez, “Urban at katawan sa Loob at Labas ng Sinehan,” *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na mga Tala na mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Wika at Kultura*, eds. Evasco, Eugene Y., Pineda, Roselle V., Rodriguez, Rommel B. (Quezon City: UP Press, 2003), 347. *Tinalakay sa sanaysay na ito kung paano nauugnay at/o naikakabit ang lugar at ang danas ng katawan sa representasyon sa sinehan.*

16 Patrick D. Flores, *Sining ng Sineng Filipino* (Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2009).

17 Flores, *Sining ng Sineng Filipino*, 17.

18 Rudolf Arnheim, *Film as Art* (Berkeley: University of California Press, 1957), 8–9.

B. Dulang pampelikula

Kung ang pelikula ay nakatuon sa pagdidirehe at bisyon ng direktor, ang dulang pam- pelikula naman ay nagbibigay-linaw ukol sa sining ng pagsulat o mas mabuting sabihing ng iskrip ng pelikula na siyang binibigyang buhay ng mga aktor.¹⁹ Nililinaw na ito ay mismong balangkas ng kwento sa pelikula na may simula, gitna, at wakas na naglalarawan ng detalyadong pangyayari sa loob ng pelikula at nagsisilbing gabay sa pagsasagawa ng pelikula. Dito nagtatagpo ang iba't ibang intensyon sa mga diyalogo at aksyon ng bawat tauhan sa kwento na kung minsan ay may kinalaman sa kasawian ng lipunan o personal na naratibo ng manunulat. Dahil may sariling intensyon ang manunulat sa pagbuo ng iskrip, binabalangkas sa paraang orihinal ang nilalaman nito o karanasan ayon sa pangangailangan ng midyum.

Nakasalalay sa salita at diskurso ang kabisaan ng dulang pampelikula sapagkat dito rin masasalamin ang temang nais pangibabawin at mensaheng nais iparating ng sumulat ng iskrip.

C. Sinematograpiya at Disenyong Biswal

Pinaliwanag ni Flores na tumutukoy ito sa *mise-en scene* (Isang ekspresyon na ginagamit upang ilarawan ang aspekto ng disenyo ng isang teatro o pelikulang produksyon at kadalasang ginagamit na termino para sa pagkritiko ng pelikula upang tukuyin ang maraming eksena sa loob ng isang pelikula/tv series) at sa mga katangian biswal at plastik o disenyong pamproduksiyon, pag-iilaw, direksyon ng sining, mga biswal na epekto.²⁰ Nagbibigay-anyo ito sa anumang presentasyong inilalantad sa telon at umaako sa pagkintal at pagsasaanyo sa pagkakaiba-iba ng mga puwersang panlipunan at pangkultura. Mahuhusgahang masinop ang sinemagrapiya at disenyong biswal hindi lamang sa katapatan nito sa mga kahingiang teknik at teknolohiya, kundi listo at magilas din nitong inoorganisa ang mga *motif* o simbolismong nag-uugnay sa mga elementong biswal.

Isinasagawa ang paglalangkap ng usaping teknikal na aayon sa eksena ng pelikula ang sinematograpiya at disenyong biswal. Sa madaling salita, ito ay nakatuon sa kamera—sa anggulo o galaw at posisyon ng kamera o ano mang nakikita sa loob nito. Nakasaalang-alang dito ang kasuotan, *props*, *make-up* ng mga aktor, at *background* ng pinaggaganapan ng pelikula. Bukod pa rito, iniaangkop rin ang panahon ng pelikula sang-ayon sa kwentong nais nitong

19 Ibid., 18.

20 Flores, *Sining ng Sineng Filipino*, 20.

pangibabawin sa tulong ng pag-iilaw at iba pang *special effects* upang maging higit itong kapanipaniwala.

D. Editing

Mabisa lamang ang editing kung nadadala nito ang mga manonood sa kakai- bang pagdanas ng kwento na para lang din silang nasa loob ng pelikula. Ngunit, maisasagawa lamang ang *editing* kapag tapos na ang pag-shoot ng bawat eksena. Isinasaayos ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga eksenang itatanghal na siyang magiging dahilan sa lalong kapanapanabik na tagpo ng mga tauhan dahil sa magagandang putol (cut) nito.²¹

Pinatitingkad nito ang kaugnayan ng unang pangyayari sa mga susunod pang pangyayari na nagsisilbing *twist* ng kwento. Isinasaalang-alang sa pagsasaayos nito ang oras/panahon, espasyo at galaw ng mga tauhan. Mahalagang maisakatuparan ang intensyon ng palabas sa itinakdang oras kaya't ang pagbadyet sa oras ay nakasalalay sa editor. Kinakailangan niyang pagkasyahin ang eksenang nararapat sa isang episode ng teleserye sa tulong din ng direktor. Samakatuwid, sa *editing* nabibigyang kabuluhan ang daloy ng kwento na kung minsan ang mga dulong tagpo ay naglalantad ng rebelasyon sa pelikula. Masasabing tagumpay ang editor sa kanyang pagkakahati kung nagagawa niyang pasunurin ang mga manonood sa pagsubaybay sa panonoorin.

E. Tunog

Para kay Flores, tumutukoy ito sa mga aspektong may kinalaman sa tunog sa pelikula- musika, likas na tunog, *sound effects*—habang isinasalungat o inaayon ang mga ito sa wika ng imahen upang maging makabuluhang sistema ng pananagisag.²² Nakatutulong ito sa pagpapaigting ng pagkamakatotohanan ng pelikula. Komplikadong trabaho ang pag-aayon ng tunog sa pelikula kaya nangangailangan ito ng maraming tao upang higit na maitugma sa inaasahang eksena anuman ang lugar at/o panahong kinabibilangan ng pelikula. Dagdag pa ni Flores, ang tunog ay hindi lamang kasangkapan, nagsasaad din ito sa diskurso ng mga karakter, aspekto ng kasaysayan at lunan, at analohiya ng damdamin.

21 Flores, *Sining ng Sineng Filipino*, 21.

22 Ibid., 22

F. Pagganap

May kinalaman ito sa pag-arte, pagsasagawa ng isang gampanin o tauhang nagpapakita ng emosyon, damdamin, at karanasan sa panlipunang kondisyon ng personal at politikal na ekonomiya ng gawi at kilos at kung paano pinagsasanib ang mga ito sa isang katawang itinatanghal sa telebisyon. Maisasakatuparan lamang ang elementong ito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga tauhan: babae o lalaki, matanda o bata, protagonista o antagonist, o pansuportang papel sa indibidwal o kolektibong pagganap. Mahalagang maisapuso ng aktor ang tauhang kanyang ginagampanan, umaayon sa lugar at nakikiangkop sa iba pang elemento.²³

Samakatuwid, nagiging makatotohanan lamang ang isang pelikula kung ang tauhan ay mahusay na naibigay ang kahingiang emosyon at kilos sa isang sitwasyon. Dapat ay malay ang mga aktor sa kabuluhan ng ka- nilang tauhang binibigyang buhay dahil sa kanila nakasalalay ang malaking porsyento ng pagkahumaling ng mga manonood. Nangangailangang malinaw ang karakterisasyon upang maisakatuparan ang motibo sa pagpapakilos/pagkilos ng tauhan. Mula sa pagganap, nabubuo ang isang identidad na maaaring masalamin din sa realidad ng lipunan. Ang elementong ito ay may mahalagang pagdalumat sa katauhan ng manonood. Samakatuwid, may mga pagkakataong ang karakter na itinatanghal ay hindi nalalayo sa karakter.

Sa pagpapalitaw ng bawat elemento, bumuo ang mananaliksik ng tanong na nakaayon sa mga elemento upang mapiga ang mga kumakatawan sa pananaw at karanasan ng panatiko bilang mga eksperto. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng kongkretong pamantayan sa pagsukat ng kahusayan, kagandahan, at kabuuang biswal na karanasan ng manonood. Sa ganitong paraan, higit na mauunawaan hindi lamang kung bakit magandang ang isang palabas batay sa panlasa ng manood, kundi paano ito nagiging maganda batay sa estetiko at teknikal na aspekto ng produksyon.

Koreanobela vs. Filipinobela

Sa bahaging ito, tatalakayin ang mga estetikong taglay ng Koreanobela at Filipinobela upang maipakita ang pagkakaibang paraan ng dalawang bansa sa pagsasagawa ng teleserye bilang komoditi sa industriya ng pelikula. Saklaw nito ang anim na aspekto: 1) Makatotohanang Naratibo at Lokasyon, 2) Sining ng Pagkakasulat, 3) Kagamitang Teknikal at Biswal, 4) Kapana-panabik na Cliffhanger, 5) Paggamit ng *Original SoundTrack*, 6) Sining ng Karakterisasyon.

23 Flores, *Sining ng Sineng Filipino*, 22.

A. Makatotohanang Naratibo at Lokasyon

Binanggit ng K1 (Kalahok 1) na matagumpay ang isang direktor kung ito ay nagbibigay ng koneksyon sa manonood sa pamamagitan ng emosyon. Dagdag pa ng K4, epektibo ang direksyon kung maayos na naisakatuparan ang banghay at nabigyang hustisya ang kabuuan ng kwento; dahil dito nagkakaroon ng integrasyon o pakikilahok ang mga manonood. Samantala, sinabi naman ng K5 na nahahayag ang kahusayan ng direktor kapag nadadala niya ang mga artista sa mga lugar na realistiko at sadyang kapani-paniwala. Kapag nababadyetan nang wasto ang produksyon at naipakikita sa manonood ang makatotohanang tagpo—sa dagat, sa langit, sa gubat at iba pa—higit na nagiging kapani-paniwala ang karanasan sa panonood. Itinuturing ding matagumpay ang direktor kung napupukaw niya ang interes ng mga manonood at nahihikayat silang bisitahin ang mga lugar na itinatampok sa Koreanobela.

Sa ganitong usapin, lumitaw rin sa FGD ang pagkagusto ng mga kalahok na makapunta sa Timo-Korea. Sabi ng K2, “*Gusto kong pumunta sa bansa nila. Nagse-self study rin ako para sa language nila dahil gusto kong pumunta sa bansa nila. Later on, baak kong mag-apply sa mga Korean Center.*” Dagdag pa ng isa,

Tourist. Gusto ko rin ma-experience halimbawa, uy dito nag-shoot yung kanila ano, uy dito nagpunta sila ganyan. Tapos makikita mo rin pag nanonood ka ng mga K-dramas. Aah, makikilala yung lugar sa Korea, aah dito nag-shoot ng movie, dito gumawa ng music video si ano. Yun yung nakaka-encourage eh.

Naging sentro ng FGD ang *Endless Love* hindi lang dahil sa kakaibang kwento kundi maging sa lokasyon nito. Ipinakita sa palabas ang ilang tourist spots sa Timog-Korea tulad ng *Hwajinpo beach sa Gaeul Donghwa, Samyang Mokjang sa Daegwanryeong, at Abai Village sa Sokcho*. Sa *Endless Love: Winter Sonata* naman ay itinaghal ang napakagandang Nami Island. Kung temang pangkasaysayan, ipinakita sa *Jewel in the Palace* ang *Minsokchon* o kilala rin bilang *Korean Folk Village*. Ang lokasyong ito ay nakapagdudulot sa mga manonood ng makatotohanang biswal na pagdanas sa kasaysayan ng Timog-Korea. Ang mga palasyo at iba pang lokasyon ay nag- sisilbing tulay upang masilayan ang nakaraan.

Pinatutunayan lang nito na ang direksyon sa pagkamakatotohanan ay naghahatid ng positibong tugon hindi lang para tangkilikin ang Koreanobela, kundi naisin ding makapunta sa Timog-Korea. Kaugnay ito ng sinasabi ni Zabala na ang exposure sa Koreanobela ay nagsisilbing *motivator* sa mga manonood

na puntahan ang kanilang bansa bilang destinasyon ng turismo. Epektibo ang naidulot na emosyunal at biswal na estetiko ng Koreanobela sa mga manonood.²⁴

Sa patuloy na pag-*eexport* ng mga Koreanobela sa Pilipinas, naging bahagi na ito ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino—ang panonood ng Koreanobela, pagbili ng pagkaing Koreano gaya ng kimchi, at pagnanais na makapunta sa Timog-Korea. Ipinahihiwatig nitong naging matagumpay ang direktor sa paglikha ng palabas na hindi lamang aliw ang hatid kundi kultural na karanasang humuhulma sa pananaw ng mga manonood.

Sa Filipinobela, hindi maitatangging ang mga direktor sa Pilipinas ay sadyang mahuhusay rin. Gayunman, sabi ng K4, nagiging *cliché* na ang mga kwento kaya't madaling hulaan ang mga susunod na eksena. Dagdag pa ni K5, “*Nagkakaron ang direktor ng free flowing sa produksyon; ito ‘yung mga bagay na kahit hindi nakalagay sa iskrip ay ipapagawa n’ya kasi yun lang ang kaya ng mga artista.*” Dagdag pa niya, minimal lamang ang nagagastos ng direktor sa kanyang produksyon dahil matipid at sa *studio* na lamang isinasagawa ang mga lugar na nais palutangin sa isang palabas. Isang halimbawa nito ay ang sumikat na *Encantadia* noong 2005 na ginawan pa ng *remake* nitong 2016 ng GMA7.

Direktor ang pinakakumokontrol sa kung paano patatakbuhan ang kwento ayon sa kanyang direksyon, bisyon, plano, at banghay kaya naman sa kanya rin nakasalalay ang pagiging makatotohanan nito. Nilalapit ng direktor ang kanyang palabas sa manonood sa pamamagitan ng bigat ng emosyon, husay ng naratibo, at kabuuang estetikong disenyo bilang isang kabuuang produkto. Kasama sa kanyang tungkulin ang mabisa at maayos na paggamit ng inilaang pondo para sa produksyon. Kabilang na rito ang pagpili ng lokasyon, kagamitang teknikal, kasuotan, *props*, mga *staff* at artistang gaganap.

Ipinahayag ng mga kalahok na naging kahumahumaling ang Koreanobela sa mga Pilipino dahil sa mataas na antas ng produksyon at sapat na pondong nakalaan sa proyekto. Nabanggit ng mga kalahok na may suportang pampinansyal mula sa pamahalaang *South Korea* (*subsidies* o tulong pinansyal) sa pagmemerkado ng kanilang produkto. Kasangkapan nila ito sa pagpapalakas ng kanilang turismo sa bansa. Mula rito, nagagawa ng direktor na dalhin ang kanyang mga aktor sa lunang makatotohanan, na hindi kinakailangan pa ng *painting* bilang *background* o kaya ay mga alternatibong bagay para magmukhang totoo sa mga manonood.

Sa kabilang banda, limitado ang badyet sa Filipinobela kaya limitado lang din ang kaya nitong ibigay sa mga manonood. May mga pelikulang

24 Zabala, “Film It and They Will Come,” 92.

kinukuhanan sa totooing lugar, madalas ay sa bodega o *studio* lamang ng estasyon isinasagawa ang *shooting* (hal., ang Encantadia). Ang kakulangan sa badyet ay isang hadlang sa pagsasaktuparan ng bisyon ng direktor. Hindi nagiging ganap ang manipestasyon ng direktor sa pelikulang nais buuin dahil sa limitado niyang badyet. Gayunman, ipinakikita rin nito ang pagiging madiskarte ng mga Pilipinong direktor na, sa kabila ng mga kakulangan, ay nakalilikha pa rin ng makabuluhang palabas sa pamamagitan ng pagtitipid at inobasyon.

B. Sining ng Pagkakasulat

Ang kagandahan ng nilalaman ng iskrip ay nasa galing ng pagkasusulat ng *scriptwriter*. Nagagawa ng mahusay na manunulat na lagyan ng tingkad ang linya, palitawin ang emosyon, ilarawan ang lugar at panahon sang-ayon sa tema ng pelikula. Tagumpay na maituturing ang *scriptwriter* kung nagawa niyang pukawin ang emosyon ng manonood, pagalawin ang pandama at makalikha ng katarsis. Isinasaalang-alang din niya ang balangkas ng kwento upang maging buo at makabuluhan ang palabas.

Sa naunang talakay, pinaliwanag na hindi nakakahon ang balangkas ng Koreanobela. Malayo sa purong drama na nakasanayan sa Pilipinas. Ayon sa mga kalahok, *Romantic Comedy* ang pinakapatok sa kanilang tema ng Koreanobela. Mabisang itong panghatak sa manonood dahil nakagagaan ng pakiramdam. Nilinaw ito ng K3, “*Ako, gusto ko light. Ayoko ng mabigat na story. Kasi yung mga locals sobrang bigat kasi. Halimbawa Ika-6 na Utos. Mga tipong ganun.*”

Napakapayak ng paggamit nila sa wika at masasabing naturalisado ang pagbigkas—hindi pilit. Idagdag pa na hindi lang *scriptwriter* ang bumubuo ng konsepto sa iskrip, katuwang niya ang mga *assistant writers* na nagsasaliksik upang mapaganda lalo ang Koreanobela. Dahil dito, masasabing pulido ang pagkakabuo mula sa linya at sitwasyon hanggang sa malinaw na deskripsyon ng lugar ng mga tagpuan.²⁵ Sabi ng K2, “*Ang nakaka-believe pa, yung mga writer nila nagre-research talaga. Lalo na yung sa mga kwento sa doctors, lawyers, police. Nakaka-relate ako.*” Sa proseso’t produksyon ng anumang palabas, napakahalaga ng pananaliksik. Pananaliksik ang makapagbibigay impormasyon kung paano mabibigyan ng maayos na representasyon ang isang palabas. Pananaliksik din ang magpapatibay sa temang papatok sa manonood. Dagdag naman ng K6, “*Yung Descendants of the Sun, yung pagkakasulat sa script nila akma talaga sa totooing buhay ng mga sundalo at doktor sa society natin.*”

25 Hoyoung Kim, “The Labor of Cultural Conception and Uncertainty in Cultural Work: The Work of Korean Drama Writers,” *International Journal of Communication* 18 (2024): 452-469, <https://ijoc.org/index.php/ijoc/article/view/21392/4443>.

Samantala sinasabing umiikot na lamang sa magkakaparehong balangkas ang Filipinobela. Madalas ay may temang opresyon, kawing-kawing na kahirapan at kaapihan, at inhustisya sa pagitan ng mayaman at mahirap ang nangyayari. Sa artikulo ni Maceda inilahad niyang ang Filipinobela ay may iisang balong pinagkukuhanan ng tema sa pagbuo ng kwento. Laging mapaniil at mapait na kalagayan ng Pilipino ang paulit-ulit na itinatampok. Binababad ang mga manonood sa pawang walang katapusang pagdurusa ng bida sa kamay ng aroganteng nagmamay-ari ng lupa, mapagbalak at mapanirang amain at kinakapatid na humahadlang sa mga magagandang pagkakataon sa bida, malupit na madrasta, masungit na biyenan, at ang masiglang tema sa panahon ngayon ay ang kwento ng kabit.²⁶

Ang mahahabang banghay at pabago-bagong takbo ng kwento ay salik din pagpababa ng interes ng mga Pilipino. Patunay ang remake ng “*FPJ’s Ang Probinsyano*” na umere nang pitong taon. Sabi nga ng K1, “*Yung Ang Probinsyano, pagkatagal-tagal. Walang sinusundang iskrip ‘yan at hindi matapos-tapos.*” Ang ganitong balangkas ay nakakalunod dahil paulit-ulit na lang ang ipinapakita. Subalit hindi kasalanan ng *scriptwriter* ang pagkukulong ng balangkas na lapit sa tema. Ang kanilang kabuhayan ay nakasalalay sa pagsulat kaya kailangan nilang sundin ang dikta ng mga nagmamaniipula sa naglalalaking istasyon ng telebisyon.

Ayon sa mga kalahok, kakaiba ang balangkas ng kwento sa mga Koreanobela dahil hindi ito nakakulong sa iisang konsepto lamang. Para sa K3, “*Ang maganda sa plots nila, hindi sila takot mag-imbento.*” Isang dahilan ito kung bakit nahihikayat silang manood dahil mapanghamon ang mga ipinapakitang palabas at kakaiba. May mga pagkakataong magugulat ang manonood sa susunod na eksena dahil sa *plot twist* ng mga eksena. Samakatuwid, ang dulang pampelikula ay mahigpit sa pagsunod ng nilalaman nito. Sinasabing dumadaan sa maraming rebisyon ang dulang pampelikula bago isalang sa proseso ng pagganap. Sa usaping linya o diyalogo ng mga aktor, ipinaliwanag ng K6 na halatang *scripted* sa Filipinobela. Sinasadya ang mga linya para tumimo sa kamalayan ng mga manonood. Dagdag pa ng K2 at K3, nangingibabaw ang mga bitaw ng karakter na “*hugot lines*” dahil iyon ang pumapatok lalo na sa mga kabataan at mas madaling maalala. Isa rin ito sa mga dahilan sa pagsikat nang husto ng artista. May mga pagkakataong hindi na pagganap ang nagdadala sa kanya sa kasikatan kundi ang kanyang linya.

26 Teresita G. Maceda, “Mga Espasyo ng Pagtutol sa Global na Industriya ng Kulturang Popular,” *Lagda Bilang 1*. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (Quezon City. Unibersidad ng Pilipinas, 1991), 196-199. *Bagaman tinalakay rito ang pagtutol sa global na produkto, malinaw na ang dahilan sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Koreanobela ay dahil sa nakasasawang tema ng Filipinobela.*

Sa Koreanobela naman natural ang linya at naayon sa sitwasyon ng mga nagsisipagganap. Kahit ang isang ordinaryong tao ang nasa sitwasyong kinalalagyan ng aktor, hindi malayong ganoong linya rin ang kanyang sasabihin. Ang diyalogo sa Koreanobela ay makikita sa bahagi ng pamumuhay ng mga tao, hindi nilikha para lamang sa palabas ngunit upang ilapit ang mga manonood sa mas makatotohanang pangyayari. Hindi lang karanasan ng karakter ang itinatanghal kundi ang mismong karanasan ng pangkaraniwang tao kung kaya't mas magaan panoorin ito.

Kontra naman ng K5, ang ganitong pagtatanghal ng mga kwento ay hindi dapat isisi sa mga kabilang sa produksyon. Ang pagbuo ng balangkas at pagsulat ng iskrip ay isinasang-ayon sa realistikong kwento. Dahil ang Pilipinas ay itinuturing na *Third World Country*, ang mga nabanggit na tema o balangkas ng kwento ay lapit na lapit sa tunay na danas ng mga manonood.

C. De-Kalidad na Kagamitang Teknikal at Biswal

Hinggil sa Disenyong biswal binigyang-diin ng K5 na kailangan lumabas ang tunay na realidad sa kwento. Kung nangangailangan ng isang pulubi sa palabas, kinakaya ng isang artista at nagiging aktwal ang pag-arte at lapit sa realidad. Dagdag niya, "*Mahalaga yung karakterisasyon para mapalutang sa palabas yung pisikal na itsura ng tauhan. Yung mukha, yung kulay, yung pormahan. Kung magsasaka ang role, dapat akma yung kulay sa balat.*" Sinusugan ito ng K4, kakaiba ang disenyong biswal sa Koreanobela tulad ng palabas na *Jewel In The Palace* (2003), sinaunang palasyo, mga sinaunag lugar at historikal ang ginamit na produksyon ng palabas at makikitang ginastusan talaga ang produksyon.

Dagdag pa ng K3, ganito rin ang ginawa sa palabas na Koreanobela na *Moon Lovers: Scarlet Heart Ryeo* (2016) na hango sa isang *Chinese Book* na ginastusan ang produksyon sa mahigit na 600 Milyon para sa 20 episodes na sumikat sa buong mundo bagamat hindi sumikat sa bansang Korea. Hinggil pa dito ipinagbili sa halagang 400 thousand kada episode ang palabas sa iba't ibang bansa at naging doble naman ang balik nito sa produksyon na nagawa nila. Para naman sa K2, "*The best yung fashion nila. Bagay talaga sa kutis at mukang natural lang.*" Dahil dito nagiging epekto ito na masarap gayahin at gawin ang ginagawa ng mga artista sa Koreanobela.

Pagdating naman sa Sinematograpiya nabanggit naman ng K4 na tulad niya na isang *artist, High Definition (HD)* ang gingamit sa Koreanobela kaya kitang-kita mo ang pagka-*emphasize* sa mukha ng artista, nababakas at nakukuha ang tamang anggulo na nais palutangin sa kwento. Naidagdag din ng K6, makikita mo din ang pagiging kasiningan ng mga Koreano sa palabas na *Goblin o Guardian: The Lonely and Great God* (2016) isa sa mga nagustuhan

ninyang estratehiya ay ang paggamit ng anggulo ng kamera. “*May eksena sa Goblin na kinunan lang yung isang bintana para ipakita yung silhouette ng tao. Grabe, ang astig nun. Ang lakas ng dating kasi wala pa akong nakitang ganun sa’tin eh.*” Sa pamamagitan nito, mas nadiin ang emosyong nais iparating ng direktor sa manonood.

Sa usaping Filipinobela binigyang-diin ng K4 na sa paggamit ng disenyong biswal hindi gaanong epektibo ang mga ginamit na kagamitan sa palabas. Madalas na nagiging lunan ng kwento sa palabas ay umiikot lamang sa *studio* gaya ng sa Encantadia (2016) na isang malaking kwadrang espasyo lamang ang naging *setting*. Tuloy, hindi ito nagmumukhang totoo dahil kulang sa pamproduksyong aspekto. Naidagdag din ng K2 na ito rin ay makikita sa palabas na *Mulawin vs. Ravena* (2017) na sa *studio* lamang din ginanap ang lunan sa kwento. Napansin din nya sa Encantadia (2005), “*May isang eksena, hahaha, nakalitaw sa costume ni Jennylyn Mercado yung cellphone nya. Kitang-kita sa camera.*” Ang ganitong biswal ay nakababawas sa kalidad ng presentasyon ng palabas.

Sa kasuotan ng mga aktor sa Filipinobela nabanggit ng K6 na simpehan lang at walang masyadong kakakitaan ng kasiningan ang kwento at dahil minsan nagiging paulit-ulit ang *setting*

sa isang kwento at nagbibigay ito ng impresyon na hindi na nasisiyahan sa kanilang panonood. Napansin naman ng K3 at K4 na nagiging makapal ang *make-up* ng mga palabas sa Pilipinas ang halimbawa nito ay sa palabas na *Sana Ay Ikaw Na Nga* (2001) na masyadong mapula at maputi ang mga *make-up* na inilagay sa mga artista, sa halip na magmukhang may sakit ang pasyente sa ospital ay mas kumapal pa ang *make-up* at hindi na bumagay sa karakterisasyon ng tauhan sa palabas.

Sa kabila ng maraming kakulangan, may paniniwala ang K5 na matatalino at magagaling din ang mga Pilipino pagdating sa pokus ng kamera, anggulo, kulay at disenyong biswal iyon nga lang ay hindi sopistikado ang mga kamera na gagamitin. Nababalewala ang husay ng mga Pilipino sa paglikha ng pelikula dahil sa kakapusan sa mga kagamitan, kaya naman low quality rin ang kinalalabasan ng produkto. Napansin ng K2-K4 na pagdating sa istasyon ng TV tulad ng GMA7 mas maliliwanag ang mga palabas dito dahil High Definition (HD) na ang ginagamit, bumili at *latest* ang kamera tulad ng ginamit sa palabas na *Alyas Robin Hood* (2016).

Nabanggit naman sa diskusyon si Director Jeremy Zapata ng *My Husband Lover* (2013), isang Filipinobela sa Pilipinas. Nabanggit ng K4 na lumutang ang kahusayan ng direktor sa kasiningan at anggulong ginawa sa isang *scene* na nakapokus lang sa bag ang kamera kung saan nakita ni Laly Agatep-Soriano

(Carla Abellana) ang kanyang asawa na si Vincent Soriano (Tom Rodriguez) na may kabit na lalaki na si Eric del Mundo (Dennis Trillo). Nakapokus lang ang anggulo ng kamera sa bumabagsak na bag ni Laly, mula doon ay lumabas ang lahat ng gamit sa bag ni Laly. Sa eksenang ito, nabigyang-diin ng direktor ang mabigat, masidhing emosyon, at tila mabigat ang mundo ng karakter sa kinahinatnang pangyayari.

Kakaiba ang impresyon ng isang palabas kung ang lunan ng ganapan sa kwento ay sadyang makatotohanan. Nagbibigay tatak din sa manonood ang mga lugar na kinasangkapan sa palabas, nabibigyan ng bagong buhay at nabibigyan din ng sariling kwento. Ito ay nagbibigay ng paliwanag sa mga biswal na konsepto sa likod ng pamilyar na mga espasyo sa screen at kung paano at bakit epektibong ginagamit ang mga espasyong ito sa pagkukuwento at pagbuo ng karakter. Kaya naman hindi maitatangi na tinatangkilik ng mga nakararaming Pilipino ang maging tagasugid na manonood ng mga Koreanobela. Dahil sa kanilang pagiging mataas sa teknolohiya at inobasyon na ginagamit sa kanilang mga palabas at sa mga teknikal na nakapaloob sa kanilang banghay at plano ng palabas.

Malaki ang tulong ng maunlad na teknolohiya sa Korea dahil madaling langkapan ng mahusay na sinematograpiya ang kanilang mga palabas. Mula sa pag-iilaw, tunog, at anggulo ng kamera, nagiging posible sa mga manonood ang damdaming nais iparating ng Koreanobela. Sa maraming mga lungsod sa Asya tulad ng Pilipinas, ang Koreanobelang ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa istilo, pag-uugali, prinsipyo at saloobin na nagsasalita sa kanilang mga kultural na paghihikayat. Nakapanghahalina rin ang mahusay na paglalagay sa mga aktor sa tamang sitwasyon, lugar at panahon. Halimbawa dito ang madalas na tagpuan sa restawran kung saan ay kumakain ng mga pagkaing sila mismo ang nagluto. Dahilan upang magustuhan din ng mga manonood na makatikim ng *Korean Food*. Kaya naman dito sa Pilipinas ay nagdagsaan ang mga *Korean Restaurant*, para sa mga hindi makakapunta ng Korea, may makakainan naman sila. Maging ang ilan sa *Korean Cosmetic Store* tulad ng Mumuso ay kalat na sa Metro Manila. Marami ang gumagaya sa *make-up* na nanonood pa ng *video tutorial* mula sa iba't ibang *Facebook page*. Nabibigay kintal din ito sa mga manonood na bisitahin o tumira sa kanilang bansa dahil na rin sa kwalidad at ganda ng kanilang mga lugar na mas nagpapaigting sa mga pangarap ng mga Pilipino na manirahan sa bansang Korea o makapunta man lang bilang turista.

Sa tulong ng kamera at mata, tumitingkad ang bawat bahagi ng eksena. Ngunit, may iba't ibang gamit ang pagtingin ng mata. Nagsisilbi itong instrumento upang gisingin ang kamalayan ng manonood batay sa kanyang pinapanood. May pakinabang dito ang anggulo ng kamera na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari at ang husay ng taong humahawak nito. Dito napansin ni Calingal

ang kagalingan ni Direktor Zapata sa kanyang palabas na *My Husband Lover* (2013) sa paggamit ng malikhaing anggulo na nakapokus lamang sa bag na bumagsak at mga naglabasang gamit sa loob nito. Kung sa labanan, may mga pagkakataong hindi nakatuon ang kamera sa taong magkalaban kundi sa kanilang espada. Kung sa magkasintahan naman, ipinapakita ang kanilang mga kamay at sinasabayan ng musika na lalong nagpangibabaw ng emosyon.

Kung sadyang iisipin kaya ng mga Pilipino ang makapagprodyus ng isang napakagandang disenyong biswal at paggamit ng mga mataas na teknikal na kagamitan para sa Filipinobela. Iyon nga lang ay kinukulang sa badyet para sa pamproduksyon at napupunta na lamang sa artista dahil mahal ang *talent fee* kaysa sa kagandahan ng isang palabas. Sadyang nahuhuli na ang bansang Pilipinas pagdating sa kagandahan ng mga palabas sa Asya. Sumasabay na sa takilya ang mga palabas ng Japan, Malaysia, Thailand, at China sa mga bansang Asya at pilit na hinahalera sa buong mundo ang kanilang produkto.

D. Kapana-panabik na *Cliffhanger*

Masasabing tagumpay ang editor sa kanyang pagkakahati kung nagagawa niyang pasunurin ang mga manonood sa pagsubaybay. Sa elementong ito, mahusay ang kanyang pagdidisenyo ng *cliffhanger* kung ang kapana-panabik na eksenang pinutol ay hindi magagawang hulaan ang susunod na pangyayari. *Cliffhanger* ang pangunahing dahilan na nagpapaigting sa mga susunod pang eksena at mag-oobliga sa mga manonood na abangan ang susunod na episode. Ang kanyang pag-uugnay-ugnay ng mga pangyayari ay nakadepende sa editor kung paano niya mapapasunod ang mga manonood na hindi palagpasin kahit ang isang eksena man lang. Dahil dito, hindi napupunan ang satsipaksyon ng manonood. Hinihila sila nitong manatili kahit mapuyat pa. Sabi nga ng K5, “*Nakaka-excite! Hindi ka lugi sa pagpupuyat mo na hanggang 5am.*” Mabisang paraan ito ng Koreanobela sa higit na pagpapalakas/pagpapalaki ng kanilang espasyo sa bansa.

Sa ganitong danas, gaya ng sinasabi nina Wirz et.al, epektibo ang *cliffhanger* para pataasin ang *level of arousal* ng manonood. Bagaman hindi binanggit sa papel kung karugtong ito sa pagpapataas ng kasiyahan, malinaw na sa pamamagitan ng *cliffhanger* ay napolisidhi ang emosyon at tumataas ang pananabik ng mga manonood na tapusin ang pinapanood.²⁷

27 Dominique Wirz, Sebastian Schwab, and Werner Wirth, “The Role of Cliffhangers in Serial Entertainment: An Experiment on Cliffhangers’ Effects on Enjoyment, Arousal, and Intention to Continue Watching,” *Psychology of Popular Media* 11, no. 4 (2022): 481–493, <https://doi.org/10.1037/ppm0000392>.

Sa Filipinobela naman, bagaman isang oras, ay marami namang patalastas. Minsan mas mahaba pa ang palatastas kaysa sa mismong episodyo. Nakasanayan na sa industriya na ang dami ng patalastas ay batayan sa kasikatan ng isang Filipinobela. Subalit ang sikat na Filipinobela ay may malaking posibilidad na humaba kumpara sa orihinal na plano. Dahil dito, nagiging maligoy ang daloy ng kwento, nadadagdagan ang tauhan, nawawala ang pokus ng naratibo, at nagiging mababaw ang takbo nito. Katwiran ng mga prodyuser, dahil ito sa mataas na rating. Binigay halimbawa ng K1 ang *Anna Karenina* (2013), isang *remake* Filipinobela ng GMA. Sa itinagal nito, hindi man lang nilinaw kung sino ba talaga ang tunay na tatay ng bida. Idinagdag din ng K2, “*Ang Ikaanim na Utos* (2016) ng GMA, humahaba tapos nag-iiba ang daloy ng kwento. Nawawala sa pokus.” Maliwanag na habang dinadagdagan ang epeisodyo dulot ng mataas na rating, nagmumukhang ligaw ang kwento at umuulit lang ang mga eksenang nakita na ng mga manonood.

Sa usapin naman ng paghahati sa mga eksena, madaling hulaan ang susunod na pangyayari sa Filipinobela. Sabi nga ng K4, “*Predictable kasi satin.*” Malayo sa Koreanobela na walang palatandaan ng susunod na eksena. Pahayag ng K4, “*Ang ikinaganda ng daloy ng kwento sa Koreanobela ay yung paninindigan nila sa kamatayan ng bida. Kung patay, patay talaga. Satin kasi parang bawal patayin ang bida.*”

Sa kabilang banda, mahigpit ang Koreanobela sa pagsunod sa kanilang iskrip at balangkas ng kwento. Bago pa man ipalabas ito ay nakalatag na ang simula, gitna, at wakas. Masasabing organisado at sistematiko ang kanilang pagsasaayos sa bawat ipapalabas dahil bago pa man ito isaproseso sa pagganap ng mga aktor, nailatag na ang mga susundang eksena. Sa madaling salita, walang pagbabago. Sa ganitong estratehiya ay natatali ang mga manonood sa susunod pang mga episodyo. Sadya ito upang mauhaw pa sa mga susunod na Koreanobela ang mga manonood.

Kaiba ito sa Filipinobela, na madalas ay humahaba at nagbabago ang iskrip. Halimbawa nito ang *Princess and I*. Sa kwentong ito ay dapat na magkapareha ang karakter ni Enrique Gil at Kathryn Bernrdo. Ngunit sa dulo ay nauwi sa tambalang Kathryn at Daniel Padilla. Nagbabago ang banghay kung kaya’t may pagkaligaw din sa paghahati at pag-uugnay ng mga eksena. Hindi na rin nagiging kapanapanabik dahil sa mga naunang pahiwatig at dahil na rin sa nagkakaparehong daloy ng kwento. Patunay rito ang mga Filipinobelang *Please Be Careful with My Heart* (ABS-CBN, 2012-2014), *FPJ’s Ang Probinsyano* (ABS-CBN, 2015-2018), *Half Sister* (GMA, 2014-2016) *Ikaanim na Utos* (GMA, 2016-2018). Malinaw na ang estetikong taglay ng Koreanobela ay nakasaalang-alang sa disiplina ng produksyon, samantalang sa Filipinobela naman ay nakatuon sa komersyal na interes.

E. Paggamit ng *Original Sound Track*

Ang *Original SoundTrack* o *OST* ay isa sa nagbibigay buhay sa palabas. Pinatitindi nito ang emosyon ng manonood batay sa kung ano ang daloy ng kwento. Sa papel nina Anh at Ha, ang *OST* ng *Descendants of the Sun* ay lubos na umakma sa Koreanobela at nakapag-ambag sa katanyagan at popularidad nito.²⁸

Sinalaysay naman ng K3, “*Nakaka-engganyo yung OST nila Madalas din na yung title ng Koreanobela, yun din ang title ng OST.*” Bukod pa dito, kapansin-pansin din na ang ilan sa mga kumakanta ay mga mismong bida rin ng Koreanobela. Dahil sa pagkahumaling, sinabi ng K2, “*Minsan nga, kapag di ko alam yung meaning, sini-search ko talaga para ma-gets. Pag alam ko na, mas kinikilabutan ako.*” Dagdag pa ng K4 na *fresh* at bagong-bago ang mga kantang nilalabas nila sa kwento at *unique* ang paggawa. Napansin ng K4 na bawat Koreanobela ay may kanya-kanyang *OST*; samakatuwid, hindi umuulit ang kanta sa ibang drama. Napansin din ng K2 na kontekstwalisado ang tunog, lagi itong nakabatay sa sitwasyon at eksena para lalo pang pangibabawin ang emosyon sa Koreanobela.

Sa *OST* naman ng mga Filipinobela, nabanggit ng K4 na paulit-ulit na lamang ang mga musika sa isang palabas at hindi mo kakakitaan ng orihinal na awitin. Binigyang halimbawa niya dito ang kanta na *Ikaw Lang Ang Aking Mamahalin* ni Joey Albert na tatlong beses na ginamit sa magkakaibang palabas tulad ng *Ikaw Lang Ang Mamahalin* (2011) ng GMA7, *Ang Babaeng Hampaslupa* (2011) ng TV5, at *La Luna Sangre* (2017) ng ABS-CBN CH.2 at dahil dito nawawalan ng identidad ang orihinal na kanta at kung para saan ba talaga ito. Dagdag pa ng K2 na ginagawan lang ng panibagong bersyon ang mga kanta sa Pilipinas at pauli- ulit na ginagamit.

Hinggil sa *dubbing* ng Koreanobela, masasabing hindi matagumpay ang mga Filipino dubber dito. Nabanggit ng K2 at K4 na malayo sa estetikong presentasyon ang pagkaka-dub dahil hindi akma ang pagkakasalin. Tulad na lamang ng *My Love From The Star* (2017) ng GMA7 na ayon kay K4, “*Weird yung pagsasalita nila. Hindi sabay yung buka ng bibig.*” Binanggit din niyang kulang sa ekspresyon ang boses. Dahil iilan lang ang mga Filipino dubber, madaling maalala ang mga boses na madalas ay naririnig sa magkakaibang karakter.

28 Nguyen Hoang Anh and Nguyen Thi Nguyet Ha, “A Study of Customers’ Satisfaction with Korean Dramas in Vietnam,” *VNU Journal of Economics and Business* 35, no. 5E (December 2019): [49].

Ang *sound effects* ay mga artipisyal o pinatalas na tunog na ginagamit upang bigyang-diin ang masining na nilalaman ng pelikula, palabas sa telebisyon, teatro, *animation*, *video game*, musika, at iba pang uri ng *media*. Ito ang nagbibigay buhay at nagpapasidhi ng emosyon. Kung walang tunog, hindi mapapataas ang emosyon sa palabas.

Pagdating sa mga awiting ginagamit sa palabas, kapag bago sa pandinig ang isang musika ito ay nagbibigay pansin sa mga manonood. Halimbawa nito ang OST ng *Goblin: The Lonely and Great God (2017)* na *Stay With Me* by EXO's *Chanyeol ft. Punch* na bumagay at umakma sa tema ng palabas.

Samakatuwid, di hamak na malikhain ang Koreanobela sa produksyon ng mga OST. Malayo sa nakasanayan sa Filipinobela na kung hindi inulit ay adaptasyon naman sa Ingles. Dahil dito, tiyak ang estetikong danas ng manonood sa Koreanobela dahil madaling napalilitaw ng OST ang emosyon.

F. Karakterisasyon

Isa sa mga salik ng karakterisasyon ay ang pagbibigay ng artitsa ng *internalization* o hinahayaang damhin ang katauhan sa kwento, binibigyang panlasa at natural ayon sa wika ng lipunang ginagalawan. Isa sa pinakaapektibo kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino ay kapag nadadala ng karakter ang kanyang manonood sa kwento.

Para kay K1, parehong mahusay ang Koreano at Pilipino sa pag-arte. Mas nangingibabaw nga lamang sa Koreanobela dahil bukod sa natural ang pag-arte, iniaangkop din ang aktor na gaganap. Komento ng K4, “*Yung kontrabida nila, pag naging bida bibilib ka rin. Ang gagaling! Kahit sa action na, hindi ka mapapaniwala.*” Dagdag pa ng K2, “*Pwede kasing maging bida o kontrabida ang artista sa Korea.*”

Patunay rito si Shin Sung Rok na napanood na sa *Three Dads, One Mom* sa Abs-Cbn noong 2008 bilang bida. Siya ang tatay ng batang sentro ng kuwento. Muli siyang napanood sa *My Love From the Star* sa GMA noong 2014 ngunit bilang kontrabida na. Kung pagkukumparahin ang kanyang pagganap sa dalawang Koreanobela, nabigyan ng mahusay na karakterisasyon ni Shin ang dalawang karakter. Bida kung bida; kontrabida kung kontrabida. Dagdag halimbawa ang pagganap ni Park Hae-joon sa *World of a Married Couple (2020)* kung saan siya ay nagkaroon ng kabit, at *When Life Gives You Tangerines (2025)* na ang ginanapan niya ay isang mapagkalingang ama. Makikita ang pagiging dinamikong artista ni Park na nagbubura ng karakter ng isang manlolokong asawa patungo sa mabuting ama.

Sa ganitong pagbasa, maiuugnay ang tinutukoy ni Lee sa kanyang modelong *Korean Star Characteristics*– ang *attractiveness, credibility, at connectedness*. Tumataas ang satsipaksyon ng mga manood at pagkahumaling dahil sa mga nabanggit na elemento ng *Hallyu Stars*.²⁹ Malinaw na dito nakaugat ang tagumpay ng Koreanobela, ang pagiging tapat sa karakter ng artista at pagiging makatotohanan sa naratibong kanilang binibigyang-buhay.

Malayong-malayo ang kasanayan ng mga aktor sa Koreanobela dito sa Pilipinas. Kadalasang nangyayari ay nagsasagawa ng *Artista Search* ang mga malalaking estasyon tulad ng GMA, ABS-CBN, at TV5 para sa mga bagong pasisikatin. May kanya-kanya silang paraan kung paano patatakbuhan ang kompetisyon, ngunit sa dulo nangingibabaw pa rin ang *face value* bilang pangunahing batayan. Kung sino ang sikat, sa kanya mapupunta ang maraming proyekto.

Sa obserbasyon naman ng K3, nagkakaroon ng marka ang mga aktor sa Filipinobela. Kung bida, madalas na papel na ginaganapan ay pambida. Kung nakilala sa pagiging kontrabida, ganoon na rin ang madalas niyang papel sa iba pang teleserye. Ang kanilang pag-arte ay hindi nalalayo sa kung saang papel sila nakilala. Napatunayan na ito sa mga artistang Coco Martin, John Lloyd Cruz, Piolo Pascual, Marian Rivera, Bea Alonzo at marami pang iba.

Taliwas din ang pagpapareha ng mga aktor hindi tulad sa nakasanayan nating konsepto ng *love team*. Sabi nga ng K6 “*Hindi uso dun (sa Koreanobela) ang love team, nagrarambol sila, maraming possibilities na pwedeng mag-partner.*” Sa Filipinobela, nakatutok sa *love team* tulad ng mga sikat na KathNiel (Kathryn Bernardo at Daniel Padilla), LizQuen (Liza Soberano at Enrique Gil), AlDub (Alden Richards at Maine Mendoza), KimXi (Kim Chu at Xian Lim) at marami pang iba. Hindi makatatayo mag-isa ang isang artista kung wala siyang kapareha na magpapakilig sa manonood, partikular ang mga kabataan.

Samakatuwid, nakalilikha ng markadong papel sa pelikula ang mga artista. Subalit, may hindi magandang epekto ito dahil hindi sila nakikita sa ibang karakter. Dahilan din ito kung bakit may mga artistang umaalis sa *mainstream industry* tulad ni Alessandra De Rossi. Pahayag ni De Rossi sa panayam ni Boy Abunda, hindi siya masaya dahil kontrabida ang karakter na hinulma sa kanya ng telebisyon. Ginawa siyang “halimaw” na laging nagpapahirap.

29 Won-jun Lee, “The Effects of the Korean Wave (Hallyu) Star and Receiver Characteristics on T.V. Drama Satisfaction and Intention to Revisit,” *International Journal of U- and E-Service, Science and Technology* 8, no. 11 (2015): 341–350, https://article.nadiapub.com/IJUNESST/vol8_no11/34.pdf

Muli itong inihambing sa mga lokal na palabas. Kung sa Filipinobela, nagkakaroon ng bagong mukha o konsepto ng epiko ang mga palabas. Isang halimbawa nito ay *FPJ's Ang Probinsyano* (2015), na naging isang napakahabang pagsasalaysay sa buhay, paglalakbay at kabayanihan ni Cardo Dalisay. Ang tingin sa kanya ng mga manonood ay isang bayani ng mga mahihirap—tagasagip ng mga mababang lipunan, nagpapalalim sa bigkis ng pamilya, komunidad, at bansa, at nagpapakita ng pagmamahal sa kalayaan. Sa pamamagitan nito, ang ganitong palabas ay naghahatid ng mga alaala sa sambayanan—sa mga ninuno, sa kabayanihan at sa tunay na anyo ng mundo.

Ang malaking kaibahan sa papel na ibinibigay sa mga artista ay malaking dahilan kung bakit nagsasawa ang mga manonood. Wala silang bagong nakikita sa artista kundi pauulit-ulit na pagiging bida o kontrabida nito. Lamang ang Koreanobela dahil napagbabago-bago nila ang pagtingin ng mga manonood sa aktor na gumaganap.

Kung lalagumin, ipinakikita sa kabanatang ito ang katangian ng Koreanobela sa pamamagitan ng paghimay-himay sa bawat elemento ng sine na inilapat dito. Sa pagtalakay, natuklasang humahantong sa pag-angkin ng espasyo sa telebisyon Pilipino ang kaibahan nito sa mga lokal na palabas. Ang paggamit sa anim na elemento ni Flores—pelikula, dulang pampelikula, sinematograpiya at disenyong biswal, editing, tunog at pagganap—ay matitibay na dahilan kung bakit mas pinipili itong panoorin ng mga panatiko. Naipakita rin sa talakay ang mga epekto nito sa mga manonood, partikular ang kabataan.

Sa kabuuan, gamit ang anim na elemento ni Flores, natuklasan ang estetikong katangian ng Koreanobela. Ang mahigpit na pagtupad sa mga katangiang ito ay ay mahalagang aspekto sa pagpapanatili at pangunguna nito sa industriya. Mula sa detalyadong pagtalakay sa bawat elemento, matibay ang argumentong nangingibabaw ang Koreanobela kaysa sa Filipinobela.

KONGKLUSYON

Ipinakita sa papel na ito ang anim na elemento na dahilan sa pag-angkin ng Koreanobela sa telebisyon Pilipino. Pinaghambing ang pelikula, dulang pampelikula, sinematograpiya at disenyong biswal, editing, tunog at pagganap ng Koreanobela at Filipinobela. Naipakita rin sa talakay ang mga epekto nito sa mga manonood, partikular ang kabataan. Upang mapanindigan ang pagkakaiba ng Koreanobela at Filipinobela, ang talahanayan sa ibaba ay buod ng pangkahalatang talakay.

| Anim na Elemento | Koreanobela | Filipinobela |
|--|--|---|
| 1. Pelikula | Ang direksyon at bisyon ng direktor ay lapit sa danas ng mga manonood. Walang pagtitipid kahit sa pagdadala sa mga aktor sa lokasyong paggaganapan. | Limitado ang kakayahang gawing makatotohanan ang ilang eksena. Sa halip ay gumagamit ng mga alternatibong kagamitan (<i>backdrop</i>) para magmukhang totoo. |
| 2. Dulang Pampelikula | Ang banghay ay hindi nakakulong sa iisang paksain. Mayaman sa iba't ibang balangkas ng kwento na kakikitaan ng husay sa pagsulat. Masining na nailalarawan hindi lang ang bawat eksena kundi maging ang pagpapahayag ng mga linya. | Masining ang paraan ng pagsulat ngunit mapapansin ang paulit-ulit na tema. Madalas ay magkakapareho lang ang kwento na tumatalakay sa kaapihan, kahirapan, at paghihiganti. |
| 3. Sinematograpiya at Disenyong Biswal | <p>Inilalantad ang tunay na realidad sa kuwento at binibigyan karakterisasyon para mapalutang sa palabas ang tunay na pisikal na kaanyuaan ng isang tauhan sa palabas mula sa mukha, sa katawan, kilos at emosyon.</p> <p>Pinipili ang mga produksyon sa magagandang tanawin o <i>tourist spot</i> at sa mga makasaysayang lugar.</p> <p>Ginagastusan ang produksyon at sinusuportahan ng gobyerno.</p> <p>Inaangkop sa <i>fashion Industry</i> ang kanilang mga kasuotan. Gumagamit ng <i>High Definition (HD)</i> camera para sa mga anggulo ng palabas. Nagiging malikhain sa mga anggulo at pagbibigay sining sa mga simpleng bagay.</p> | <p>Hindi ganap na epektibo dahil madalas ang nagiging lunan ay <i>studio</i>. Kulang sa pagtutuo sa produksyon ng palabas dahil sa usaping badyet. Ang <i>setting</i> ng kwento ay paulit-ulit lang din.</p> <p>Hindi angkop ang <i>make-up</i> sa mismong sitwasyon at senaryo, hindi rin akma ang karakterisasyon at <i>internalization</i> ng artista sa palabas.</p> <p>Hindi sopistikado ang mga kamera na ginagamit kaya nagiging low quality ang palabas. Pagdating sa HD tanging GMA7 ang gumagamit nito at ginamit na sa kanilang mga palabas.</p> |

| Anim na Elemento | Koreanobela | Filipinobela |
|------------------|---|--|
| 4. Editing | Nadadala ang mga manonood sa modong kapana-panabik dahil sa husay ng pagkakahati ng bawat eksena. Ginagawang obligado ng <i>cliffhanger</i> ang panonood ng mga tao. Nagdudulot ito ng satsipaksyon sa manonood at higit pang mahumaling. | Ang pagkakahati ng eksena ay hindi sumasang-ayon sa daloy ng kwento. May mga eksenang hindi sang-ayon sa mga naunang eksena kung kaya't nawawala ang sigla sa panonood. Hindi rin kaabang-abang ang mga susunod na eksena dahil sa mga pahiwatig mula sa sinundang episodya. Nagiging halata (<i>obvious</i>) ang wakas kaya ang iba ay pinipiling wag na lang tapusin ang panonood. |
| 5. Tunog | Matapat sa paglikha ng sariling OST/ album na partikular lamang sa isang Koreanobela. Hindi limitado sa iisang OST ang Koreanobela, marami ito at nakadepende sa sitwasyong ipinapakita. | Bukod sa banyagang kanta na ginagawan lamang ng panibagong bersyon, nag-uulit/nagkakapareho ang mga kanta sa magkakaiibang Filipinobela. Nawawalan ng orihinalidad ang mga teleserye. May mga <i>background music</i> din na hindi tugma sa eksena. |
| 6. Pagganap | Nagbabago ang papel na ginagampanan kaya makikita ang malawak na kasanayan ng aktor sa pag-arte. Ang bida sa unang Koreanobela ay maaaring maging kontrabida sa susunod. | Umiikot sa iisang papel ang ginagampanan kung kaya't nagkakaroon ng tatak-bida o tatak-kontrabida ang mga aktor. Limitado ang kanilang paggalaw dahil nabigyan na sila ng marka bilang mga aktor. |

BIBLIOGRAPIYA

Aberin, Janine, Patricia Luisa Dealca, Benjamin George Meamo III, Ellainemor San Pascual, and Tamara Jane Ventanilla. "Glocalization of Popular Culture in Selected Filipino Remakes of 'Koreanovelas.'" *Southeast Asian Media Studies Journal* 3, no. 3 (2021): 77–104. <https://seamsa.org/wp-content/uploads/2022/01/seamsj-3.3-full-issue.pdf>.

Arnheim, Rudolf. *Film as Art*. Berkeley: University of California Press, 1957.

- Chang, Pao-Li, and Iona Hyojung Lee. *Cultural Preferences in International Trade: Evidence from the Globalization of Korean Pop Culture*. 2017. 1–53. https://ink.library.smu.edu.sg/soe_research/2142.
- Correa, Ramilito B. “Japanimation, Americanization, Globalization: Pagbuwag sa Wika ng Kapangyarihan sa Pamamagitan ng Dubbing ng Anime sa Wikang Filipino.” *Malay* 20, no. 1 (2007).
- Flores, Patrick D. *Sining ng Sineng Filipino*. Quezon City: UP SWF-Diliman, 2009.
- Galit, Gilbert C., and Edrian A. Pangilinan. “[Hallyu] The Korean Wave: Pagsusuri sa mga Salik Kultural sa Pagkahumaling ng mga Pilipino sa Kdrama.” *International Journal of Arts and Social Science* 4, no. 5 (2021). <https://www.ijassjournal.com/2021/V4I5/4146597675.pdf>.
- Gongora, Marian F. “The Distancing of Filipino Korean Language Students in Watching Korean Telenovelas.” In *East Asian Popular Culture: Philippine Perspectives*, edited by Michiyo Yoneno-Reyes, 106. Quezon City: Asian Center, UP-Diliman, 2013.
- Igno, Jay-Ar M., and Marie Cielo E. Cenidoza. “Beyond the ‘Fad’: Understanding Hallyu in the Philippines.” *International Journal of Social Science and Humanity* 6, no. 9 (2016): 723–727. <https://www.ijssh.org/vol6/740-SH013.pdf>.
- Kim, Byeongcheol. “Production and Consumption of Contemporary Korean Cinema.” *Korea Journal* (2006): 8.
- Kim, Hoyoung. “The Labor of Cultural Conception and Uncertainty in Cultural Work: The Work of Korean Drama Writers.” *International Journal of Communication* 18 (2024): 452–469. <https://ijoc.org/index.php/ijoc/article/view/21392/4443>.
- Lee, Hyunji. “A ‘Real’ Fantasy: Hybridity, Korean Drama, and Pop Cosmopolitans.” *Media, Culture & Society* 40, no. 3 (2018): 365–380. <https://doi.org/10.1177/0163443717718926>.
- Lee, Jin-a. “Number of Foreign Tourists to South Korea Hits Record 14.5 Million.” *South China Morning Post*, October 16, 2016. <https://www.scmp.com/news/asia/east-asia/article/2048265/number-foreign-tourists-south-korea-hits-record-145-million>.
- Lee, Won-jun. “The Effects of the Korean Wave (Hallyu) Star and Receiver Characteristics on T.V. Drama Satisfaction and Intention to Revisit.” *International Journal of U- and E-Service, Science and Technology* 8, no. 11 (2015): 341–350. https://article.nadiapub.com/IJUNESST/vol8_no11/34.pdf.

- Maceda, Teresita G. *Mga Espasyo ng Pagtutol sa Global na Industriya ng Kulturang Popular*. Lagda Bilang 1. Quezon City: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, 1991.
- Nguyen, Hoang Anh, and Nguyen Thi Nguyet Ha. "A Study of Customers' Satisfaction with Korean Dramas in Vietnam." *VNU Journal of Science: Economics and Business* 35, no. 5E (2019): 38–50. <https://doi.org/10.25073/2588-1108/vnueab.4302>.
- Rodriguez, Rommel B. "Urban at Katawan sa Loob at Labas ng Sinehan." In *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na mga Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Wika at Kultura*, edited by Eugene Y. Evasco, Roselle V. Pineda, and Rommel B. Rodriguez, 347. Quezon City: UP Press, 2003.
- Sanchez, Louie Jon A. "Koreanovela, Teleseryes, and the 'Diasporization' of the Filipino/the Philippines." *Plaridel* 11, no. 1 (2014): 66–85.
- Stasberger, G. D. "Media Globalization: Connecting the World through Information and Culture." *Global Media Journal* 21 (2023): 64. <https://www.globalmediajournal.com/open-access/media-globalization-connecting-the-world-through-information-and-culture.pdf>.
- The Korea Times. "Number of Foreign Tourists Hits Record 14.5 Million." Accessed October 8, 2016. https://www.koreatimes.co.kr/www/nation/2024/09/113_218625.html.
- "'Train to Busan' Now the Highest Grossing Non-English Foreign Film in the Philippines." *PELIKULA MANIA*, September 23, 2016. <https://pelikulamania.com/2016/09/23/train-to-busan-now-the-highest-grossing-non-english-foreign-film-in-the-philippines/>.
- Wirz, Dominique, Sebastian Schwab, and Werner Wirth. "The Role of Cliffhangers in Serial Entertainment: An Experiment on Cliffhangers' Effects on Enjoyment, Arousal, and Intention to Continue Watching." *Psychology of Popular Media* 11, no. 4 (2022): 481–493. <https://doi.org/10.1037/ppm0000392>.
- Yim, Duk-Soon. "The Impact of Korean Wave Image and K-Food Image on Intention to Purchase Korean Agricultural Products." *International Journal of Agricultural Extension and Rural Development* 31, no. 2 (2023): 45–58.
- Zabala, Myrtle Anne. "Film It and They Will Come: Drama-Induced Tourism in South Korea." In *East Asian Popular Culture: Philippine Perspectives*, edited by Michiyo Yoneno-Reyes, 89–104. Quezon City: Asian Center, UP-Diliman, 2013.

ABOUT THE AUTHOR

Christine S. Morit is a well-regarded teacher, senior coach, writer, and translator. She is currently teaching at Makati Science High School, now in her fifth year, handling the subjects *Filipino sa Piling Larang (Akademik)* and *Contemporary Philippine Arts from the Regions*. She holds a Bachelor's degree in Secondary Education major in Filipino from the University of Makati (2012) and a Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, and Media from De La Salle University (2019), where she received the “Outstanding Thesis” award for her work on the Korean Wave and Joseph Nye's soft power. She previously taught Filipino for 5½ years at Upper Bicutan National High School and for two years at Integrated Montessori Center. She has also served as a senior coach for nine years at MindGym PH Review Center and is currently affiliated with Braintricks Review Center, teaching Filipino and General Education subjects to LET takers. Her research interests include cultural studies, language, and media. Since 2012, she has authored textbooks under Future Builder Inc., including *Tanyag Wika at Pagbasa* (2021), for which she received official royalties in 2023. She also began translating academic research from Filipino to English in 2021.